

Ika-67 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki



Pinamatnugan at inilathala ng: Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki, Enero 8, 2020
(Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html>
(Wikang Hapon na madaling maintindihan) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

Pagsali sa International Festival in Kawasaki

Noong ika-7 ng Hulyo, Linggo, ginanap ang 2019 International Festival in Kawasaki sa Kawasaki International Center. Ngayon taon, may 14,000 na katao ang dumalo. Noong araw na ito, kasabay ng pagpapakilala ng mga Kinatawan, nagawa din naming makipagtalakayan sa mga dumalo, at makipaglaro gamit ang puzzle, pag-drawing ng flag, at pag-gawa ng isda gamit ang ribbon.



Pagsali sa Kawasaki Citizens' Festival

Noong ika-2 hanggang ika-4 ng Nobyembre ay ginanap ang ika-42 na Kawasaki Citizens' Festival. Nakisali ang mga kinatawan sa ikalawang araw nito. Sa opening parade, suot ang katutubong damit, kami ay kumaway ng bandila at kamay sa mga nanonood sa daan.

Sa tent, nagsagawa kami ng pagsuot ng damit ng ibang bansa, paglaro ng puzzle, at pag-drawing ng bandila. Kagaya ng ibang taon, namigay din kami ng tsaang iba't ibang bansa.



Pag-ganap ng Open Forum

Noong ika-10 ng Nobyembre (Linggo), ay isinaganap ang Open Forum sa Kawasaki International Center. Ngayong taon may 95 na katao ang nakisali. Isinagawa ito mula 2pm hanggang 5pm.

Ngayong taon, ipinakilala ng mga Kinatawan ang mga tema na nais ipropose sa lungsod. Kami ay humingi ng opinyon ukol dito mula sa mga dumalo. Sa miting, unang naming ipinakilala ang mga proposal sa lahat ng dumalo. Pagkatapos nito ay hinati sa dalawang grupo at nagsagawa ng Q&A at palitan ng opinyon sa bawat grupo. Ang tema ng Group A ay “Pagsusuring medikal ng mga bata”, at sa Group B naman ay “Suporta sa Wikang Hapon para sa mga bata sa paaralan” at “Mga Isyu sa Trabaho ng mga Dayuhang Manggagawa”. Pagkatapos nito ay bumalik sa buong grupo at ibinahagi ang mga opinyon sa lahat. Humingi rin kami ng komento mula kay Shibuya Junichi ng Tokyo University of Social Welfare at Ogaya Chiho ng Ferris University.

Sa Open Forum na ito ay nakatanggap kami ng maraming opinyon at ideya. Ito ay aming nais gamitin sa diskusyon sa mga natitirang miting upang makagawa ng mabuting proposal.



Sa survey, ang opinyon tungkol sa proposal ay “madaling maintindihan ang rason sa pagpili ng tema”, “nais kung mas intindihin ang background ng proposal at mga isyu ukol dito”, “nais kong marinig nang may detalye ang tema”. Ukol naman sa open forum, “Nakarinig ako ng mga opinyong mapapaisip mula sa forum”, “Sa lipunan ng Japan, isang problema ang pagiging sarado nito sa mga dayuhan. Ngunit kahit na may problema, ating ipagpatuloy ang mga diskusyon upang magkaroon ng multi-kultural na lipunan”, “mabuting nakarinig ako ng iba’t ibang opinyon. Sa forum na ito, ako ay napaisip sa kung ano ang sistema ng aking bansa ukol sa mga dayuhan”, “Ang pag-intindi sa mga problema ng mga dayuhan ay isang daan para sa pagsagawa ng lipunan. Kahit dayuhan o Hapon, sabay nating gumawa ng magandang lipunan para sa susunod na henerasyon.”

Pagkatapos ng Open Forum ay nagsagawa ng pagsasalò. Kahit na saglit lang ito, nagkaroon kami ng mabuting panayam sa mga dumalo. Maraming salamat sa mga dumalo sa open forum.

One-stop Center para sa Multikultural na Pagkonsulta at QR Translator

Sa Kawasaki International Center, ang lugar ng konsultasyon para sa mga dayuhan ay nagbago bilang "One-stop Center para sa Multikultural na Pagkonsulta". Ang magagamit na wika ay pinalawak sa 11 na wika.

	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado
Ingles	•	•	•	•	•	•
Intsik		•	•		•	
Korean		•		•		
Espanyol		•	•			
Portuges		•			•	
Tagalog		•	•			
Vietnamese		•			•	
Thai	•	•				
Indonesian		•	•			
Nepali		•				•
Madaling Hapon	•	•	•	•	•	•

Mga pwedeng ikonsulta

Mga bagay na nahihirapan at hindi alam kung paano gawin, mga nais malaman na bagay (pangangalagang medikal, kalusugan, pag-abuso, proseso na pang administribo, pag-aaral, pagpapalaki ng bata)

Bayad

Libre

Lugar

Kawasaki International Center (2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara District, Kawasaki City)

10 - 12 minutong lakad mula sa Motosumiyoshi Station ng Tokyu Toyoko Line o Meguro Line

Telepono

044-455-8811

Oras ng pagkonsulta

10-00 – 12:00, 13:00 – 16:00 (maliban sa ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero)

Website


<http://www.kian.or.jp>

* Ang translation app at translation service ay pwedeng gamitin upang magkonsulta kahit sa araw na walang translator.



QR Translator

Naging mas madali nang kumuha ng impormasyon sa iba't ibang wika gamit ang smartphone o tablet.



Sistema ng Suporta para sa Pagbubuntis, Panganganak at Pangangalaga ng Bata sa Lungsod ng Kawasaki

Nakagagalak ang pagpapanganak ng bagong buhay. Pero kasama nito ang pagkabalisa ukol sa pinansyal na bagay. Nais kong ipakilala ang iba't ibang sistema ng suporta sa Lungsod ng Kawasaki.

Simulan natin sa pagbubuntis. Kapag nasabihan ng doktor sa ospital na “humingi ng notebook para sa mag-ina (Boshi Kenkou Techou ぼしけんこうてちょう 母子健康手帳)”, pumunta sa ward office (ku-yakusho) upang makakuha nito (meron itong salin sa 10 wika). Kasabay nito ay makakakuha ng “Pangtulong na Ticket ng Sistema para sa Pagtulong sa Medikal na Checkup ng Nagbubuntis (Ninpu Kenko Shinsa Josei Seido にんぷけんこうしんさじよせいせいど 妊婦健康診査助成制度)”. Sa pag-gamit ng ticket na ito, mababawasan ang kailangang bayaran sa ospital na katugma ng halaga ng ticket.



Sunod ay tungkol naman sa pagpapanganak. Ang mga may health insurance, ay makakakuha ng “Pera para sa Panganganak at Pag-alaga ng Bata (Shussan Ikuji Ichijikin しゅつさんいくじいちじきん 出産育児一時金)”. Ang halaga ay 420,000 yen bawat bata. Para sa mga may National Health Insurance (Kokumin Kenko Hoken), maaaring mag-apply sa ward office (ku-yakusho o shi-sho) kung tugma sa isa sa sumusunod.

1. Hindi gumamit ng sistema para sa direktong pagbayad noong nanganak
2. Gumamit ng direktong pagbayad sa panganganak ngunit ang binayaran ay mas maliit sa 420,000 yen kaya't matatanggap ang labis.

Sa aking personal na karanasan, dahil may health insurance ako galing sa kompanya, nag-apply ako sa pamamagitan ng kompanya. Ang perang ito ay pwedeng makuha kahit na nanganak sa ibang bansa o kaya nalaglag ang sanggol basta nagbuntis na may higit sa 12 linggo.

Panghuli ay tungkol sa “Allowance ng bata (Jido Teate じどうてあて 児童手当)” at “Sistema para sa medikal na tulong sa bata (Shouni Iryouhi Josei Seido しょうにいりょうひじよせいせいど 小児医療費助成制度)”. Sa “Allowance ng bata”, makakakuha ang bata ng allowance hanggang sa ika-31 ng Marso sa ika-15 anyos nito. Matatanggap ito nang tatlong beses sa isang taon (Hunyo, Oktubre, Pebrero). Ang “Sistema para sa medikal na tulong sa bata” naman ay para bawasan ang binabayaran sa ospital ng mga batang may insurance. Ang mga matatanggap sa “Allowance ng bata” at “Sistema para sa medikal na tulong sa bata” ay depende sa kinikita ng pamilya. Para sa detalye, magtanong sa ward office.

Kapag nanganak, makakakuha ng “Sertipiko ng Kapanganakan (Shusseï Todoke しゅっしょうとどけ 出生届)” mula sa ospital. Isulat dito ang pangalan ng anak at araw ng kapanganakan. Siguraduhing ipasa ito sa ward office (ku-yakusho) sa loob ng 14 na araw. Sa pagpasa nito, mabuting magkonsulta tungkol sa pag-apply ng “Allowance ng bata” at “Sistema para sa medikal na tulong sa bata”.

May iba't ibang sistema para sa pagtulong ngunit hindi ito magagamit hanggat hindi nag-aapply kaya't siguraduhing mag-apply para dito. Para sa mga magulang na nakatira sa Lungsod ng Kawasaki, mag-enjoy tayo sa pagpapalaki ng bata sa lungsod na ito!

(Liu Ailing)

Para sa tanong

Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian,
Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki
210-0007 Kawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod namin tanggapin ang inyong mga ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.

